Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
Schools Division of Bohol

**Office of the Schools**
**Division Superintendent**

Ika-31 ng Hulyo, 2025

DIVISION MEMORANDUM
No. 513 , s. 2025

**Pandibisyong Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025**

**TO:** Assistant Schools Division Superintendents
Chiefs- CID and SGOD Functional Divisions
Public Schools District Supervisors/ Acting PSDSs
Secondary School Principals
Elementary School Principals

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa ay ipinagdiriwang tuwing Agosto 1-31 ng bawat taon. Sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWP), ang tema s pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ay, **Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa".**
2. Bilang pakikiisa ng Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Bohol, Rehiyon VII sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025, hinihkayat ang lahat ng paaralan na isakatuparan ang pagbubukas ng pagdiriwang s pamamagitan ng maikling palatuntunan na maaring isagawa pagkatapos ng pagtaas ng watawat sa unang araw ng Agosto at magtalakay ng mga impormasyon na may kaugnayan sa tema ngayon taong 2025. inaasahang makapagsumite ng mga ulat mula sa mga distrito sa nasabing pagdiriwang.
3. Ang nasabing pagdiriwang ay ay may launing:
    a. mapalalim ang kamalayan ng mga mamamayan sa kahalagahan ng Wikang Filipino bilang wika ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa;
    b. maipakita ang kahalagahan ng wika sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kulturang Pilipino;
    c. mahikayat ang mga kabataan na gamitin, pagyamanin, at ipagmalaki ang Wikang Filipino sa iba't ibang larangan ng buhay;
    d. maipakita ang ugnayan ng wika sa pambansang kaunlaran, edukasyon, at makabagong teknolohiya, at
    e. makapagdaos ng mga makabuluhang aktibidad tulad ng tula, dula, at talakayan na nagpapalaganap sa wikang Filipino
4. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit ng gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No.9, s. 2025 (*Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi makaaabala ng regular na klase.
5. Maaring magamit na pondo sa gawaing may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ang mga lokal na pondo, school MOOE, pondo ng organisayon, pondo ng PTA, at iba pang pondo kung mayroon at

pahintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memrandum na ito.

**FAY C. LUAREZ, EdD, PhD TM, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

FCL/CID/CMR/MMVT


Address: 0050 Lino Chatto Barangay Cogon, Tagbilaran City, Bohol
Telephone No.:
email Address: deped.bohol@deped.gov.ph
www.depedbohol.org
Deped Tayo Bohol Division